

# Mga Kostumer ng Life Support

## PAPEL-KAALAMAN



### Tulongan kaming alalayan ka sa iyong mga pangangailangan sa suplay ng kuryente/enerhiya.

May mga panahon na kailangan naming patayin ang suplay ng kuryente upang ligtas na maisagawa ng mga manggagawa ang mahahalagang pag-upgrade o nakaplanong pagmimintene ng network ng kuryente.

Kung umaasa ka sa kagamitang medikal na life support, hinihikayat ka namin na magparehistro bilang isang kostumer ng life support. Kung sama-sama tayo, maaari nating paliitin ang epekto ng anumang mga pagkaabala sa iyong suplay ng kuryente.

### Ano ang kagamitang life support?

Mga mahalagang kagamitang medikal na kailangan upang makatulong sa mga kostumer ng life support, halimbawa:

- isang oxygen concentrator
- isang intermittent peritoneal dialysis machine
- isang kidney dialysis machine
- isang respirator para sa chronic positive airways pressure
- Kagamitang phototherapy para sa sindromas ng Crigler-Najjar
- isang ventilator para sa life support
- anumang iba pang kagamitan na sinasabi ng doktor na kailangan mo para sa life support.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa kagamitan o kung may isang tao sa iyong bahay na gumagamit at kung ito ay isang kagamitan sa life support, makipag-usap sa iyong doktor.

### Ano ang mangyayari kapag ako ay nagparehistro sa Ausgrid bilang isang kostumer ng life support?

Ang pagpaparehistro bilang isang kostumer ng life support ay nangangahulugan na nagsasagawa kami ng karagdagang pag-iingat upang mapanatili ang iyong suplay ng kuryente at tiyakin na ikaw ay suportado kapag nawalan ng kuryente.

Kapag nawalan ng kuryente, tatanggap ka ng abisong SMS kung mayroon kaming numero ng iyong mobile sa aming rekord. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Energy Retailer upang matiyak na ang iyong mga detalye ay naisapanahon.

### Paano magparehistro

- Makipag-ugnay sa iyong Electricity Retailer upang malaman kung ikaw ay marapat para sa NSW Life Support Energy Rebate. Ang pagpaparehistro para sa life support sa NSW Life Support Energy Rebate ay mangangailangan ng kinumpletong form na lalagdaan ng iyong doktor.
- Ang iyong Electricity Retailer ay susuporta sa iyo sa iyong aplikasyon para sa rebate at maaari ka ring magparehistro bilang isang kostumer ng life support at ipasa ang impormasyon na ito sa amin.
- Maaari ka ring magparehistro nang direkta sa Ausgrid sa pamamagitan ng pagtawag sa **13 13 65** (9.00 ng umaga hanggang 4.30 ng hapon).
- Maaari mong tawagan ang numerong ito upang magparehistro sa ngalan ng ibang tao.

### Makipag-ugnayan sa amin

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa suplay ng kuryente sa iyong kagamitang life support, mangyaring makipag-ugnay sa amin sa **13 13 65** (9.00 ng umaga hanggang 4.30 ng hapon) o **13 13 88** kung may emerhensya.

Ang mga pagkawala ng kuryente ay maaaring makita sa online sa [www.ausgrid.com.au/poweroutages](http://www.ausgrid.com.au/poweroutages).

Kung ang pagkawala ng kuryente ay magresulta sa sitwasyong magbabanta sa buhay, tumawag sa **000** at humiling kaagad ng ambulansya.

# Checklist ng planong aksyon

Gumawa ng isang plano sakaling mawalan ng kuryente. Gamitin ang checklist sa ibaba para matulungan kang maghanda.

## Pagsisimula

- Ikaw ba ay nagparehistro bilang isang kostumer ng life support at ang iyong mga detalye ba ay naisapanahon (up to date)?
- Naapektuhan ba ng kasalukuyang mga protokol sa COVID-19 ang iyong plano?

## Pag-aralan ang iyong kagamitan

Kapag nawalan ng kuryente, kailangan ba ng iyong kagamitan ng:

- isang backup na baterya na regular na naka-charge?
- isang surge protector para pangalagaan ito kapag bumalik na ang kuryente?
- isang Uninterruptible Power Supply (UPS) para sa pansamantalang backup sa kuryente na de-baterya?
- reserbang mga silindro ng oxygen, at ang mga ito ba ay puno at gumagana?

## Kapag nawalan ng kuryente

- Mayroon ka bang telepono na gagana kung walang kuryente?
- Maaari mo bang hilingin sa isang kapitbahay na tingnan-tingnan ka sakaling mawalan ng kuryente?
- Itabi ang numero ng Ausgrid na **13 13 88** sa lugar na madaling makuha at tingnan ang **[www.ausgrid.com.au/poweroutages](http://www.ausgrid.com.au/poweroutages)** para sa mga update.
- Natalakay mo na ba ang mga kaayusang pang-emerhensiya sa iyong doktor/tagapag-alaga sakaling mawalan ng kuryente?

## Kung kailangan mong magbiyahe

- Alam mo ba kung paano mo ibibiyaha ang kagamitang medikal kung kinakailangan?
- Mayroon ka bang mga detalye ng kontak na madaling makuha kung may emerhensiya, halimbawa doktor, ospital, kapitbahay o lokal na serbisyo ng taksi?
- Ang iyong ospital ba ay may mga backup generator na maaaring magsuplay sa iyong kagamitang life support?

# Planong aksyon sa life support

Mangyaring itabi ang iyong mga rekord

## Mga detalye ng kontak ng Ausgrid

Mga pagkaabala sa suplay ng kuryente **13 13 88**  
Mga pangkalahatang pagtatanong sa Ausgrid **13 13 65**  
Serbisyo ng interpreter sa telepono **13 14 50**

## Ang iyong doktor o medikal na manggagamot

Pangalan

Numero

## Ang pinakamalapit na ospital sa inyo

Pangalan

Numero

## Ang iyong tagasuportang kapitbahay o kamag-anak

Pangalan

Numero

## Lokal na taksi o sasakyan

Pangalan

Numero

## National Meter Identifier (NMI)

Numero ng NMI

Ang iyong National Meter Identifier (NMI) ay isang natatanging numero na tumutukoy sa iyong lugar. Ang iyong numero ng NMI ay matatagpuan sa iyong bill sa kuryente. Ang pagbibigay ng numero ng iyong NMI ay tutulong sa aming matukoy kaagad ang iyong lugar.

## Ipaalam sa amin ang anumang mga pagbabago

Ang iyong kaligtasan at kabutihan ay laging aming prayoridad. Mahalagang ipaalam sa amin ang anumang pagbabago sa iyong sitwasyon. Kasama dito ang anumang pagbabago sa iyong numero ng telepono at postal address.

Mangyaring tawagan ang iyong Electricity Retailer upang isapanahon (update) ang iyong mga detalye ng kontak. Para sa anumang mga pagbabago sa katayuan ng iyong life support, kontakin kami sa **13 13 65**.

## Nahihirapan ka bang makarinig?

Para sa TTY (teletypewriter) na mga serbisyo, tumawag sa **13 36 77** pagkatapos ay hilingin ang **13 13 65**.

Para sa mga serbisyo sa pagsasalita at pakikinig, tumawag sa **1300 555 727** pagkatapos ay hilingin ang **13 13 65**.